

1

Maaga pa ay pawisan na ang mag-inang Myrna at Yna sa paghahanda sa buong kabahayan ng mga Villarosa. Abala ang lahat dahil magbabalik-bayan ang anak at apo ni Sir Damian—sina Rida at Dustin.

Inikot ni Yna ang paningin sa malawak na sala para tiyaking malinis na malinis na iyon. Malaki ang bahay ng mga Villarosa. Matagal-tagal na ring katiwala roon ang nanay niya at gamay na nito ang pagpapatakbo sa loob at labas ng bahay. Katukulong siya nito sa paninilbihan kapag wala siyang pasok sa school.

Diumano, ilang taon nang hindi umuwi ng Pilipinas ang *unica hija* ng kanilang amo. Sa Inglatera na nagkapamilya si Rida. Binibisita na lamang ito ng mga magulang sa England. Ang alam ni Yna ay nagpasyang umuwi ang anak ng kanilang amo dahil naghiwalay na ito at ang mister nitong Briton. At ang dinig niya ay magtatagal ito sa Pilipinas kasama ng anak nitong binata.

“Yna, pakitingnan nga muna saglit kung naikabit na ang bagong ilaw sa mini bar, baka makalimutan ko, eh,” utos ng kanyang ina. Mukhang patapos na

ito sa pagpupunas ng mga kasangkapan sa platera.

Nasalubong niya si RJ habang papunta siya sa mini bar. Manager ang tatay ni RJ sa plantasyon ng mga Villarosa. Isa ang *Villarosa Industries* sa pinakamalalaking producer ng nata de coco sa bansa. Nang malaman ni RJ ang gagawin niya, sinamahan siya ng lalaki at ito na mismo ang nagkabit ng bombilya. Matanda lang ito ng dalawang taon sa kanya at masasabing parang kuya-kuyahan na niya. Ang karamihan sa mga kaibigan niya, kung hindi taga-plantasyon ng niyog, anak ng mga nasa pagawaan ng nata de coco.

Gabi na nang makauwi silang mag-ina. Nasa di-kalayuan sa compound ng mga Villarosa ang kanilang bahay. Tinapa at kamatis ang kanilang hapunan. Wala silang imikan habang kumakain. Palaging malungkot ang bahay mula nang mamatay ang kanyang ama, limang taon na ang nakararaan. Bagaman pagod, nagpumilit pa rin ang nanay niya na ito na ang maghuhugas ng mga pinagkainan.

“Mag-aral ka na lang, Anak. May pasok ka na bukas,” anito.

Diez y ocho na si Yna at nasa first year college pa lang sa kursong Civil Engineering. Maayos sana ang pamumuhay nila noong hindi pa nagkakasakit

sa бага ang kanilang haligi ng tahanan. Isa ang kanyang ama sa mga pinagkakatiwalaan sa plantasyon. Masipag ito at matiisin. Nalaman na lang nila, malala na ang sakit nito. Dinala pa ito ni Sir Damian sa pagamutan sa Maynila, pero hindi na rin kinaya.

Kinaumagahan, abalang-abala naman si Aling Myrna sa pagluluto. Tanghali ang dating ng mga balikbayan. Pagkaluto ay naghain agad sila sa mahabang mesa na ipinuwesto sa bakuran ng bahay. Puting tela ang nakalatag sa mesa at may malaking basket sa gitna niyon na kinalalagyan ng iba't ibang prutas na napapanahon.

Mayamaya pa ay sunud-sunod nang dumating ang ilang kamag-anakan ng kanilang amo. Nang pumasok ang dalawang SUV, nagkagulo na ang mga bisita sa pagsalubong sa mga dumating. Bahagyang nasulyapan ni Yna ang unang umibis sa sasakyan, isang babaeng sopistikada at tantya niya ay nasa cincuenta pa lang.

Iyon marahil si Ma'am Rida. Nas'an kaya ang anak niya?

“Oy, Miss Torralba, ano pa'ng ginagawa mo d'yan? Pumuwesto ka na sa kusina. Tagasandok ka, di ba?” sita ng kanyang nanay.

Mabilis siyang tumalima sa utos nito.

Dapit-hapon na nang magsiuwi ang mga dumalo sa salu-salo. Lahat ay may bitbit na pasalubong galing sa mga balikbayan. Pagod na pagod silang lahat na mga tagapagsilbi.

“Yna, pakibalik naman sa tokador itong mga hindi nagamit na table runner,” ani Aling Myrna sa anak.

Bitbit ang mga iyon, pumanhik si Yna sa ikalawang palapag ng bahay. Natigilan siya nang makita ang isang matangkad at mestizong lalaki na nakasandal sa pasamano ng terasa. Hindi na sana siya tutuloy subalit nakita na siya nito.

“Hi, please come in,” anang lalaki, bakas na bakas ang British accent sa boses.

Nahigit ni Yna ang hininga—hindi lang dahil sa pagkagulat na kinausap siya nito—kundi dahil sa kaguwapuhang tumambad sa kanyang paningin nang tuluyan niya itong makaharap. Hindi maikakailang ito ang apo ni Sir Damian na si Dustin. Larawan ito ng isang prinsipe mula ulo hanggang paa. Pale brown na mga mata, matangos ang ilong, mamula-mula ang mga labi at brown ang buhok.

Yumukod siya at bahagya lang nakabati ng,

“Good evening, Sir,” dahil sa matinding kabog ng kanyang dibdib.

“Likewise,” nakangiti nitong sagot.

Nanginginig na nag-excuse si Yna at pagkatapos tumalikod ng binata ay dumerecho na siya sa bakanteng kuwarto na pinakaimbakan ng mga kurtina at kung anu-ano pang abubot na pangdekorasyon tuwing espesyal na okasyon.

Kinagabihan, nagkayayaan sina RJ sampu ng mga binata at dalagang nagsisilbi sa pamilya Villarosa na dumayo sa sayawan sa kabilang purok, tatal daw ay wala na silang gagawin. Tumanggi si Yna na sumama. Wala kasi siyang hilig sa mga ganoong pagtitipon. Naulinigan marahil ni Sir Damian ang usapan nila kaya tinanong nito si Yna tungkol doon.

“Po? Fiesta po kasi sa Purok Malikhain sa makalawa. Bisperas po ngayon kaya may sayawan,” magalang niyang sagot habang ibinabalik ang mga upuan sa puwesto.

Katatapos lang maghapunan ng pamilya Villarosa.

“Really? Na-miss ko ang sayawan, ah. I think Dustin should go, too,” masayang sabi ni Sir Damian. Tinawag nito ang apo.

Naka-khaki shorts ang lalaki nang lumabas at halatang katatapos lang mag-shower.

“Dustin, you should go to this dance. It’s the old Filipino version of partying. Kung kabataan ko lang, I would go. This dance is very different. You won’t experience it in England. Even in some parts of the Philippines, they don’t do this anymore. This is your chance to get acquainted with the Filipino in you,” pangungumbinsi ng matanda.

Napatawa ang lalaki sabay iling. “I think I’d pass, Lolo. Baka ma-out of place lang po ako,” agad nitong sagot.

Nagulat si Yna nang marinig itong mag-Tagalog. Cute pakinggan ang pagkakabigkas ng binata sa mga salita. Alam niyang impolite ang tumitig sa isang tao lalo na pag babae ang gagawa niyon sa lalaki, pero hindi alam ni Yna kung bakit parang nahahalina siyang pagmasdan si Dustin. Mas mahahaba pa sa pilik niya ang mga pilik nito, pero lalo lamang iyong nagpatingkad sa kakisigan ng lalaki.

“Try it. Sa sayawan ko nakilala ang lola mo, alam mo ba? Para makahalubilo mo rin ang mga tapat nating empleyado. Pasasamahan kita dito kay Yna,” pamimilit pa ng matandang Villarosa.

Napatingin ang binata sa kanya kaya dagli siyang yumuko at nagkunwaring abala. Tila tinablan naman si Dustin sa mga sinabi ng abuelo at pumayag, sa kondisyong saglit lang daw ito roon.

Hindi na nakaiwas si Yna sa pagpunta ng sayawan dahil hindi niya puwedeng pahindian ang request ng amo. Nang malaman ng mga kasamahan na sasama ang apo ni Sir Damian, walang pagsidlan ang tuwa ng mga ito, lalo na ng mga kababaihan sa pangunguna ni Cherry. Pakiramdam nga ni Yna, isang barrio na ang sasama porke kasama si Dustin.

Umuwi siya para maligo at magpalit ng damit. Maong na pantalon at sleeveless blouse na baby blue ang suot niya na agad napansin at pinuri ni RJ. Bagay raw sa kanya.

Si Cherry ay umaalingasaw ang bango at tila disco ball sa kintab ng damit na suot. May kani-kanya silang tangan na flashlight nang magkita-kita sa bahay ng mga Villarosa. Mayamaya pa ay lumabas na si Dustin na malinis na malinis tingnan sa suot nitong puting polo at dark pants.

“Good evening, Sir,” panabay na bati nilang lahat. Napangiti ito at parang matatawa nang makitang maraming naghihintay rito.

“Are we all coming?” walang partikular na pinapatungkulang tanong ni Dustin.

“Yes, Sir.” Naunahan sila ni Cherry sa pagsagot. Napadako ang tingin ni Dustin kay Yna.

“Are we gonna walk?” tanong pa ng binata.

Tango lang ang sagot niya. Hindi niya maintindihan ang sarili kung bakit parang malulusaw siya sa hiya tuwing tinitingnan siya nito.

Lubak ang daan at makitid para pasukin ng kotse ang Purok Malikhain. Malalayo ang agwat ng mga poste ng ilaw kaya mabagal lang ang lakad nila para maiwasan ang putik. Iyon din ang dahilan kung bakit may dala-dala silang flashlight.

Halos siksikin ni Cherry si Yna sa gilid ng daan para lang makasabay nito si Dustin sa paglalakad. Natatawa na lang siya sa ikinikilos ng kaibigan. Sabagay, hindi niya ito masisisi. Si Dustin ang pinakamagandang lalaki na tumapak sa San Quintin. Mayamaya pa ay dinig na nila ang tugtugan mula sa malakas na speaker. Isang lumang love song ang nakasalang. Lalong tumaas ang excitement ng mga kasama.

Napangiti si Dustin na tila naa-amuse sa mga pangyayari. Nang naroon na sila, nagkani-kanyang puwesto na ang mga dalaga sa mga upuang kawayan na nakapalibot sa pinaka-bulwagan na pagsasayawan.

“Sir, we girls go inside. Boys stay h-here outside. You go to girls if you like to dance with them. But after paying first the damages of having to dance the girls...” di magkandatuto sa English na paliwanag ni Cherry.

Tumangu-tango si Dustin habang malapad na malapad ang pagkakangiti. “I think nakuha ko ang gusto mong ipaliwanag. Sige lang, maiwan ako rito. Enjoy,” sagot nito.

Laglag ang panga ni Cherry nang marinig ang sagot ni Dustin at lihim siyang napangiti. Siya man kasi ay nasorpresa nang unang marinig na magsalita ng Tagalog ang apo ng kanilang amo.

“Nosebleed na po ako sa pag-Ingles, Sir. ‘Kala ko kasi hindi ka marunong. Matatas ka naman po palang managalog,” napapakamot sa ulo na sabi ni Cherry.

Nakatawang ipinaliwanag ni Dustin na karaniwan ay sa Tagalog ito kinakausap ng ina kaya

bihasa ito. At madalas ay Tagalog din ang gamit ng lolo at lola nito kapag nagkakausap ang mga ito sa telepono.

“Pero hindi ko naintindihan ang sinabi mong ‘matatas’. Masyadong malalim na,” napapakamot sa batok na patuloy nito.

Nagkatawanan sila dahil doon.

Kumuha si RJ ng mahabang bangko, para sa kanilang mga naiwan sa labas ng sayawan. Sa tabi ni Yna pumuwesto si Dustin. At dahil makipot ang upuan, nagkadaiti ang kanilang mga braso. Parang nakukuryente na pasimpleng umurong ang dalaga at tumingin sa mga nagsasayaw.

Sinupil ni Dustin ang pagsilay ng ngiti. Lingid sa kaalaman ng dalaga, napansin na niya ang pagiging mahiyain nito. Para itong tatakbo tuwing kaharap siya at parating umiiwas na magkahulihan sila ng tingin. Sabagay, bago siya pumunta ng Pilipinas, may first-hand knowledge na siya na karamihan daw sa mga Pinay ay konserbatibo pa rin kahit sa panahong ito. Iyon ang kuwento ng kanyang lola. Nakadagdag iyon sa excitement niya sa pagbisita sa Pilipinas. Hindi lang dahil gusto niyang makita ang bayang sinilangan ng kanyang ina kundi para mapatunayan kung totoo ang sinabi ng abuela.

Mas tipo kasi niya ang babaeng pakipot. Nagsawa na siya sa mga babaeng agresibo at masyadong liberated. Kung siya ang papipiliin, mas gusto niyang Pilipina ang kanyang maging katuwang sa buhay. Sinulyapan niya si Yna.

She had a very striking beauty. Morena, matangkad, matangos ang maliit na ilong at expressive ang mga mata. Natigil ang pag-appreciate niya sa katabi nang may magsalita sa microphone. Malakas na pumailanlang ang tinig ng announcer nang magbago ang awitin.

“Ang susunod na sonata ay pangungunahan ni Kapitan. Damage sa mga followers, ten pesos.”

Nang makitang napakunot–noo si Dustin, nagpaliwanag si RJ na ang bawat tugtog na ire-request ay may bayad dahil fund-raising iyon ng naturang purok para makalikom ng gagastusin sa fiesta. Kung sino ang mangunguna sa sayaw ay siya ang may pinakamalaking bayad, ang mga sasayaw na kasunod nito ay tigsampu naman ang dapat bayaran.

Napatango na lang siya. “Napaka-creative, ’no? Look, may naniningil pala talaga sa entrance bago ka makapunta sa gitna at makapili ng babaeng gusto mong isayaw.” Inginuso niya ang isang babae na

may hawak na kahon na pinaghuhulugan ng bayad ng mga lalaking nais makipagsayaw.

“Tama ka, Sir. Mas bigatin pag ikaw ang prinsipal na nag-request kasi may pribilehiyo kang makapili ng babaeng gusto mo. Pag doon ka sa sampu-sampu, malamang maubusan ka na ng magagandang pagpipilian,” paliwanag pa ni RJ na ikinatawa niya.

“Pambihira ka, RJ! Parang gulay lang ang mga babae kung magsalita ka. Kaya nga ba ayoko ng sayawan, eh. Dahil may mga kagaya mong namimili at mataas ang pamantayan,” pabirong sabi ni Yna.

“Hindi ka naman madedehado kung sakali. Malamang pag umupo ka sa gitna, mag-aagawan ang lahat na maisayaw ka,” agad na sagot ni RJ.

Dumukot si Yna ng beinte pesos at iniabot kay RJ.

“Oo na. ’Ayan, pangsayaw mo.” Pinandilatan pa nito ang kaibigan.

Tatawa-tawang kinuha ni RJ ang pera at pumasok sa loob ng sayawan.

“Do you frequently go to dances like this?” tanong niya sa katabi.

“No, Sir. I don’t like the idea that different guys

get to hold my waist for free just because nagbayad sila,” sagot nito.

Hindi makapaniwalang napatingin siya rito. “Come on, baywang lang naman, ah.”

“Okay lang po siguro kung kakilala ko. Kaso, karamihan po diyan, di ko naman kakilala talaga. Mga dayo pa ang iba. Hindi ako sure sa intensyon nila; kung sayaw lang ba ang pakay o tsansing na,” paliwanag pa nito.

Tumango-tango siya. Kung anu-ano pa ang kanilang napagkuwentuhan. Mayamaya ay bumalik si RJ at niyaya siya na kumuha sila ng kani-kanilang kapareha. Bagaman nag-aalangan, sumunod siya dahil sinabihan siya ni RJ na dare iyon.

Tila nakapako ang tingin ng lahat kay Dustin dahil nangibabaw ito sa gitna ng mga kalalakihan sa dance floor. Ang mga babae ay sabik na naghintay kung sino ang isasayaw ng binatang Villarosa. Si Amanda na anak ng kapitan ang napili nito. Tila nabatubalani naman ang babae sa kapareha.

Nasa labas lang ng sayawan si Yna, matamang nakamasid. Hindi niya alam pero naiinis siya habang nakatingin kay Amanda. Parang sinasadya kasi

nitong hinaan ang boses kaya yumuyuko ang lalaki tuwing may sasabihin ito para magkarinigan sila. Di nagtagal ay natapos ang tugtugin. Bumalik si Dustin sa tabi niya, kasunod ang ngiting-ngiting si RJ.

“Not bad,” anang binatang Villarosa na nakipag-high five pa kay RJ.

Bigla ay may nag-request ng love song na five hundred pesos ang bayad. No followers daw. Ipinaliwanag ni RJ kay Dustin na ang ibig sabihin niyon ay hindi puwedeng may sumayaw sa gitna maliban sa nag-request.

Bihira raw ang nakaka-afford ng ganoon at karaniwan, ginagawa iyon ng lalaki para magpa-impress sa isasayaw nitong babae.

Nagulat na lang sila nang tumayo sa harap ni Yna ang isang binata at inilahad sa kanya ang palad. “Miss, p’wede ba kitang maisayaw?” anito.

Umiling si Yna. “Naku, sorry po. Hindi po ako narito para sumayaw,” dali-daling sagot ng dalaga.

“Sige na, please. Hindi rin ako naparito para sumayaw kung di kita nakita. Ako nga pala si Rodjan. Anak ako ni Mayor Perez,” pakilala pa ng lalaki.

Nakatingin na sa kanila ang ibang naroroon at

para hindi mapahiya ang lalaki, napilitan na siyang sumama matapos magpaalam kay Dustin.

Pumagitna sila ni Rodjan sa bulwagan at sumayaw sa saliw ng mabagal na awitin. Daliri lang halos niya ang nakapatong sa balikat ng lalaki habang ito naman ay kinabig siya sa baywang.

Napabuntong-hininga si RJ habang nakamasid sa nagsasayaw, bagay na hindi nakalagpas sa pansin ni Dustin.

“Don’t tell me naiinggit ka?” tudyo niya.

Hindi tumanggi si RJ. “Hindi naman po katakataka. Si Yna ang pinakamaganda sa lugar na ito. Lahat ng magandang katangian, nasa kanya na. Mabait na, matalino pa,” pagmamalaki nito. Hindi maikakailang espesyal ang pagtingin nito sa dalaga.

Tiningnan ni Dustin si Yna habang isinasayaw ng nagpakilalang anak ng mayor. Malaking bulas ito kaysa karaniwan. Bagaman eighteen pa lang, maganda na ang hubog ng katawan nito at base sa kanilang pag-uusap, matalino nga ito at mukhang mabait.

“Bakit hindi mo ligawan?” tanong niya kay RJ.

“Naku, Sir, natotorpe ako dahil kilala ko na siya

mula pagkabata. Saka wala po akong ipagmamalaki pa sa kanya,” pahayag nito.

“Baka magsisi ka?” pabirong sabi niya, sabay tawa.

Umiling ito at pinilit na tumawa rin. “Hindi po. Wala lang ’yun,” anito, bagaman iba ang totoong sinasabi ng kalooban.

Naramdaman ni Yna na sinundan pa siya ng tingin ni Rodjan habang naglalakad siya palabas ng sayawan. Sa wakas ay natapos na rin ang request nito.

“Sir, mauna na po ako, kung okay lang. S’abi po kasi n’ung anak ni Mayor, babalikan niya ako at muling isasayaw,” nag-aalalang paalam niya kay Dustin.

Muling pumailanlang ang isang love song. Mukhang tatayo na naman si Rodjan para puntahan siya. “Uwi na po ako, Sir, ha? Ayoko na siyang kasayaw. Ang higpit po humawak sa baywang at parang nagpapahaging.”

Nagmadali na siya.

Biglang tumayo si Dustin at hinawakan siya sa

kamay. “Let’s get rid of him, then,” deklara nito.

Dinala siya nito sa direksyon ng sayawan at nang dumaan sila sa tapat ng tagasingil, dalawang libo ang ibinigay nito. Literal na napatanga ang tagakolekta ng entrance fee. Ilang tugtog tuloy na sila lang ang magsasayaw. Nahihiyang salamat na lang ang nasabi niya sa binata.

“Sana po hindi n’yo na lang ’to ginawa. Sayang ’yung pera n’yo. Puwede namang umuwi na lang ako.”

“And what? Walk in the dark alone?” sagot nito.

For some reason, ayaw ni Dustin ang ideyang uuwi na ang dalaga, lalo na at mag-isa itong dadaan sa madilim na kalsada. Samantala, hindi na sumagot si Yna dahil nakapako kay Cherry na nasa di-kalayuan ang atensyon nito.

Napansin niya rin ang matalim na tinging ipinupukol ni Amanda sa kanyang kapareha habang interesadong nanonood lang si Rodjan sa kinauupuan nito. Pinigilan niyang matawa, halata kasing naiinggit ang mga ito na sila ni Yna ang magkapareha. He wouldn’t mind dancing with Yna all night long. She smelled wonderful at gusto niya ang pakiramdam ng kanyang palad na nakalapat sa

makiopot nitong baywang. Pero pinigilan niya ang impulse na hapitin ito papalapit.

Pakiramdam naman ni Yna, nagmarka na ang kamay ni Dustin sa baywang nito sa tagal ng kanilang pagsasayaw.

Pagkalipas ng ilang minuto, nagpalit ang tugtog sa isang masiglang bilang. Nagtungo ang karamihan sa bulwagan at nagkani-kanyang pasikat sina RJ at ang iba pa nilang kasamahan. Game lang na nakisali si Dustin. Pare-pareho silang pawisan pagkatapos. Hindi na nga nila napansin ang oras. Hatinggabi na nang magdesisyon silang umuwi. Nagtatawanan at masaya ang lahat habang naglalakad.

“You know, I didn’t think I would, pero nag-enjoy ako. Kanina sabi ko kay Lolo saglit lang tayo, pero hindi pala enough pag saglit lang,” saad niya.

“Talaga po, Sir? Naku, gusto n’yo po mag-attend tayo uli ng sayawan sa ibang barangay?” ani Cherry.

Hindi na siya nakasagot pa dahil nagpaalam na sina Yna at RJ na hindi gaanong magkalayo ang bahay.

Pumasok si Yna sa kahoy na gate at nang lumingon siya, saktong lumingon din si Dustin, at nagtama ang kanilang mga mata. Kumaway pa

Yakap Ng Kahapon - Marianna Ruiz

ito bago tuluyang nawala sa kanyang paningin. Ramdam niyang nag-init ang kanyang pisngi dahil doon. Dali-dali siyang naghilamos ng malamig na tubig at natulog.

2

Dalawang araw nang hindi nakakapunta si Yna sa bahay ng mga Villarosa dahil mas gusto ni Aling Myrna na ituon niya ang atensyon sa pag-aaral. Nagulat na lang siya isang hapon nang pagdating ng kanyang ina ay kasama nito si Dustin. Natatarantang iniligpit niya ang mga nakakalat na notebook sa bamboo bench para may maupuan ang lalaki.

“Hi!” masigla nitong bati. “Long time no see.”

“Hello po,” nahihiya niyang sagot.

“I’m here to gorge myself with rambutan and lanzones,” nakangiting sabi nito, hindi inaalis sa kanyang mukha ang paningin.

“Naku, kumakain po pala kayo n’un, Sir? Sana nagbilin na lang kayo para inihatid na lang namin sa malaking bahay,” nahihiya niyang saad.

“Gusto daw niyang siya ang pumitas,” sagot ng nanay niya. “Saka gusto daw makita ni Sir Dustin ang pond mo ng mga isdang ilog,” pabulong na dugtong nito na halatang natutuwa sa pagpunta roon ng apo ng amo.

“Bakit niya nalaman ang tungkol sa pond?” takang usisa niya sa mahinang boses.

“Naikuwento ko. Hayaan mo na at nang makaranas siya ng buhay-probinsya. Siya, sige, Anak, samahan mo na siya d’un mamitas at maghahanda ako ng minindal.”

Hinarap niya ang bisita nang pumasok ang ina sa kusina. Nakita niyang tinitingnan ni Dustin ang kaisa-isang frame sa isang mesita. Litrato niya iyon noong baby siya. Namula ang mga pisngi niya sa hiya dahil napakapayak ng kanyang suot sa larawan at ang nipis pa ng kanyang buhok.

“Ikaw ba ito? Ang cute mong baby, ah,” papuri ng lalaki. Napayuko na lang siya at kapagdaka ay inaya na ang binata na pumunta sa bakuran.

Binigyan sila ni Aling Myrna ng basket na pagsisidlan ng mapipitas nila. Tuwang-tuwa ang lalaki sa pagkain ng mga prutas na sila mismo ang pumili at pumitas.

“Fantastic! There’s plenty of fish in here,” puno ng paghangang bulalas ni Dustin nang makita ang pond.

Binigyan ito ni Yna ng pellets at excited na pinakain ng lalaki ang matatabang isda. Pagkatapos

ay nagtungo sila sa isang kubo at hinarap ang inihandang merienda ng kanyang ina.

“Thank you so much, Aling Myrna. This place is so great,” pahayag ni Dustin habang inuubos ang turon sa plato.

“You’re welcome, Sir. Pasensya na sa maliit naming nakayanan,” sagot ng nanay niya.

“Ako nga po ang dapat humingi ng pasensya sa panggugulo ko dito. Dustin na lang po ang itawag n’yo sa akin. Ikaw din, Yna,” magalang nitong saad.

“Wala ’yun, Sir... este, Dustin pala. Nakakatuwa nga dahil ngayon lang uli sumaya ang bakuran namin. Kami lang kasi ang tao rito mula nang mamatay ang tatay ni Yna,” anang nakatatandang babae.

“I’m sorry po,” anang binata.

Mayamaya pa ay pumasok na si Aling Myrna para magpahinga. Naiwan silang dalawa ni Dustin sa kubo. Inilabas ng lalaki ang earphones ng cell phone at ikinabit ang isa. Pumili ito ng kanta bago inilagay sa kanyang tainga ang isa. Bagay na ikinagulat niya, bahagya pa siyang nakiliti nang lumapat ang daliri nito sa kanyang balat. Hindi tuloy siya makatingin nang derecho sa binata. Nahihiya siyang hindi niya mawari. Country music ang napili nito. Maalam si

Yna sa musika dahil miyembro siya ng glee club. Parang wala sa personalidad ni Dustin ang ganoong tipo ng kanta at tila nahulaan ng lalaki ang iniisip niya.

“I know... But I’m not your typical English guy. From hard rock to classical ang pinapakinggan ko,” paliwanag nito, sabay ngiti.

Tumango siya. Nagustuhan niya ang ritmo ng country song. Madaling maunawaan at sabayan. Mayamaya ay nag-low batt na ang cell phone nito.

“I’m sorry about that. Yna, are you free this Saturday? Pupunta daw kasi kami sa mga pinsan ko sa kabilang lugar. Beach front daw ’yung place nila. I thought, conducive ang area para makapag-paint ka.” Inaalís ni Dustin ang earpiece mula sa tainga niya habang sinasabi iyon.

Naikuwento niya rito noong nasa sayawan sila na pastime niya ang pagpipinta gamit ang water color at ang pag-sketch na charcoal ang medium.

“Isasama n’yo po ako? Naku, baka po nakakahiya. Pampamilyang lakad lang po ’ata yan,” nag-aalangang tugon niya.

“Okay lang ’yun. Ipagpapaalam kita sa nanay mo,” desididong saad nito.

Nang sumapit ang araw ng Sabado, matapos masiguradong hindi makakaabala ang anak sa lakad ng pamilya, pumayag na rin si Aling Myrna na pasamahin si Yna. Dalawang sasakyan ang dala ng mga Villarosa papuntang beach.

Nakatuwaan nina Dustin at Yna na sa likod ng pickup sumakay kahit noong una ay hindi payag si Ma'am Rida dahil delikado umano iyon. Pero nasunod ang gusto ng anak. Panay ang kuha ng binatang Villarosa ng litrato sa bawat madaanan nila. Yumuyuko si Yna para hindi siya makaharang sa view pero dalawang beses na nagpilit si Dustin na kunan din siya ng larawan. Ipinakita nito sa kanya ang mga kuha nito.

“Ang ganda mo talaga.” Walang halong biro ang pagkakasabi ni Dustin doon.

Ibinaling ni Yna ang tingin sa malayo para hindi nito mahalata ang pamumula ng kanyang mga pisngi. Pero ang hindi niya alam, napansin talaga iyon ni Dustin at tila ikinatuwa nito iyon.

Tumulong si Yna sa paghahanda ng kakainan pagdating sa beach, habang abala ang mga Villarosa sa pakikipagkumustahan sa mga kamag-anak na may-ari ng resort. Pagkatapos ng masaganang pananghalian, naglaro ng baraha ang lolo at lola ni

Dustin, si Rida naman ay nag-siesta sa isang cottage.

Pumuwesto si Yna sa ilalim ng puno ng talisay at nagsimulang mag-sketch. Natigil lang siya nang dumating si Dustin. Nagkuwentuhan sila hanggang sa makatulog ang lalaki sa buhanginan, malapit sa kanyang tabi.

Pinagmasdan niya ang natutulog na lalaki. Mabilis niyang binaliktad ang pahina ng mumurahin niyang sketch pad at iginuhit ito.

Tama si Cherry, sadyang kakaiba ang kaguwapuhan ni Dustin. Di lang iyon, ubod pa ng bait ang binata. Walang ere sa katawan, at masarap kausap dahil ang dami-dami nitong alam.

Lingid sa kaalaman ng dalaga, pinagmamasdan sila ni Rida na noon ay nagising na at umiinom ng tsaa.

Napansin ni Rida na tila iba ang pagkagiliw ni Dustin sa anak ni Myrna. Napahigpit ang kapit ng ginang sa tasa ng kanyang inumin. Hindi siya makapapayag na anak ng kung sino lang ang mapupusuan nito, lalo na't isa lamang tagasilbi.

Rida could vividly recall how Arnaldo—her

first love—broke up with her dahil nabuntis nito si Myrna—ang anak ng kanilang kapatas. Nakasal ang dalawa kahit lihim siyang nagmakaawa sa dati niyang kasintahang si Arnaldo.

Pumunta siya ng England, tiniis na malayo sa mga magulang dahil hindi niya kayang panoorin ang dating katipan na may pamilya na. Nabalitaan niyang nalaglag ang ipinagbubuntis ni Myrna pero hindi pa rin ito iniwan ni Arnaldo.

It was then that she married Dustin's father. Three years old na si Dustin nang muling mabuntis si Myrna at batid ni Rida na si Yna ang batang iyon. Matagal na panahon na ang lumipas pero buhay pa rin ang galit sa puso niya.

Kung hindi dahil kay Myrna, sana ay siya ang pinakasalan ni Arnaldo. Maligaya sana siya ngayon; at buhay pa ang lalaki dahil hindi niya ito hahayaang magtrabaho nang labis sa piling niya.

Ang nangyari, mayaman nga siya, pero puro pasakit naman ang tinamasa niya sa piling ng ama ni Dustin.

Hindi siya makapapayag na lumigaya ang anak ni Myrna at the expense of her own son. Over her dead body! Kung nakaya niya ngang ipaglaban sa

korte na palitan agad ang apelyido nilang mag-ina pagkatapos ng traumatic separation nila ng asawang si Craig Allister, ang ganito pa bang kasimpleng bagay na dukha ang kalaban?

Nakita niyang nagising na si Dustin. Inagaw nito ang sketch pad na hawak ni Yna. Parang mga batang naghabulan ang dalawa sa dalampasigan. Tinawag niya ang anak at pinapasok sa cottage para magpatulong kunwari sa water heater ng banyo.

Lalong naging komportable sina Dustin at Yna sa isa't isa sa paglipas ng mga araw. Madalas nakikita ang binata na tumatambay sa kusina basta si Yna ang nagluluto o dili kaya ay tumutulong dito habang naglilinis ang dalaga.

Hindi na nakatiis si Rida at tinanong ang anak tungkol sa pagiging malapit nito kay Yna. Nasa sala sila noon at kaswal na nanonood ng talk show sa TV. Hininaan ng babae ang volume bago nagsalita.

“I noticed that you’re becoming very close to a certain girl,” panimula ng ina.

Kumunot ang noo ni Dustin bago tumango at napangiti. “You mean Yna....” Bakas ang ningning sa mga mata nito nang sambitin ang pangalan ng

dalaga.

Matagal na pinagmasdan ni Rida ang anak. “You obviously like her.”

“Opo. Mabait siya, masarap kausap. She’s on my wavelength,” walang pag-aalinlangan niyang pag-amin.

“She’s eighteen and she is our maid’s daughter,” makahulugang banggit ng ina.

Nagkibit-balikat si Dustin. “There’s no rule na nagsasabing bawal magkagusto sa isang eighteen-year-old at anak ng kasambahay. Also, wala akong planong ligawan siya, ’cause I already have a girlfriend in England. I just like her as a person, that’s all. Wala akong nakikitang masama if gusto ko ang company niya.”

Tumango ang kanyang mama. “Panghahawakan ko ang sinabi mo. Twenty-one years old ka na, Dustin. You know your limits. Just make sure that you two only remain friends,” pagsasara ng ina sa usapan.

Hindi nila napansin ang maingat na pag-alis ni RJ sa likod ng pinto.

Dahil walang pasok, inaya ni Dustin si Yna isang

Sabado para mamasyal. Hindi kumontra ang abuelo nang hiram niya ang motorsiklo na matagal nang nakaparada sa garahe. Tsinek niya iyon at nang matiyak na maayos pa ang kondisyon, pinuntahan niya si Yna. Tig-isa sila ng helmet at jacket.

Sakay ng motorsiklo, binaybay nila ang bagong gawang kalsada na nakaguhit sa gitna ng malawak na taniman. Nahihya pa si Yna na kumapit sa baywang ng lalaki pero napahawak siya nang tuluyang bumilis ang takbo nila.

“The smell of ripe corn is heavenly, right?” ani Dustin sa malakas na boses habang nagmamaneho.

“Oo nga,” sagot niya. Natagpuan na lang niya ang sarili na nag-e-enjoy.

Mababa na ang araw, berde at dilaw ang mga kulay ng taniman na kanilang nadadaan. Manakana ay nagliliparan ang mga ibon na parang nagulat sa maingay na tunog ng motosiklo. May nadaanan silang talipapa na nagtitinda ng banana cue at kamote cue. May katabi rin itong magpapalamig—fresh buko juice ang tinda.

Huminto sila at nagmerienda habang nakaupo sa lilim ng punong acacia. Mahaba ang kanilang kuwentuhan. Kung tutuusin, halos lahat ay alam na

ni Dustin tungkol sa kanya. Maging ito ay nag-share din ng istorya ng buhay nito sa kanya—maging kung paano naghiwalay ang mga magulang nito. At kung bakit Villarosa na ang dala nitong apelyido sa halip na Allister.

Nang maubos ang kinakain, tumuloy sila sa itinurong hidden spring ng mamang nagtitinda ng buko. Malayu-layo na rin sila sa San Quintin, pero parehong ayaw pa nilang umuwi. Walang tao sa napakagandang bukal kaya nagdesisyon silang maligo sa malamig na tubig. Sabik na nagtampisaw sila sa tubig. Nang mapagod, nagpatuyo sila sa isa sa malalaking bato na napaliligiran ng mga ligaw na bulaklak.

“Parang paraiso ’tong lugar na ’to. Hindi ko alam na may ganito pala rito, samantalang ang tagal ko na sa San Quintin. Sabagay, trabaho–aral lang ako,” aniyang palinga-linga sa paligid.

“May mga nalaglag na dahon sa buhok mo,” puna ni Dustin na nasa kanyang tabi.

Agad niyang pinagpagan ang kanyang ulo.

“Sa bandang likod mo,” turo nito.

Muli niyang pinalis ng mga daliri ang bahaging itinuro nito. May naramdaman nga siya roon pero

parang hindi dahon. Nang alisin niya ang bagay na iyon, tumambad sa kanya ang isang tangkay ng wild orchids na hawak pala ni Dustin sa kanyang likuran. Namilog ang kanyang mga mata.

“S’an ’to galing?”

“Pinitas ko diyan... Para sa ’yo,” sagot ng lalaki.

“Thanks.” Wala siyang ibang nasabi dahil nasorpresa siya sa ginawa nitong paraan para bigyan siya ng bulaklak.

Lumatag sa kanila ang katahimikan. Tumayo na siya bitbit ang orchids. “Tara na, gagabihin na tayo,” pukaw niya sa binata.

Walang kibong tumayo ito at kaswal na hinawakan ang kamay niya habang naglalakad sila. Hindi mawari ng dalaga kung bakit nawalan siya ng lakas para hilahin ang palad. Pero pakiramdam niya, nagkaroon sila ngayon ng koneksyon na wala naman noon. It just felt so right to have him hold her at this perfect moment. Hanggang maihatid siya ng lalaki, walang namagitang usapan sa kanila.

Pabiling-biling si Yna sa higaan kinagabihan. Naranasan na niyang magka-crush noong high school

siya, pero hindi siya nagkaganito. Hindi mawala si Dustin sa kanyang isip. Para bang nakapagkit ang guwapo nitong mukha sa kanyang balintataw, at kahit na ipikit niya ang kanyang mga mata ay ayaw nitong umalis doon. Nalito siyang bigla sa kanyang nararamdaman. Kinagalitan niya ang sarili at pinaalalahanang hindi iyon nararapat. Si Dustin ay nagbabakasyon lang sa Pilipinas. Anumang oras, babalik ito sa ibang bansa, maaaring hindi na niya makita kahit kailan. At higit sa lahat, apo ito ng kanyang amo. Kumbaga, langit at lupa ang kanilang pagitan.

Pero paano niya mapipigilan ang sarili kung parati silang magkasama at madalas niyang nakikita ang magaganda nitong katangian? Bago tuluyang igupo ng antok, nakapagdesisyon si Yna na idistansya na ang sarili mula kay Dustin bago pa mahuli ang lahat.

Hindi na niya kinailangan pang maghirap para isakatuparan ang plano dahil kinabukasan, nakita niyang magkasama sina Dustin at Amanda, masayang nagme-merienda sa hardin ng mga Villarosa. Nakita siya ni Rida na nakamasid sa dalawa at nilapitan siya nito.

“Bagay sila, di ba?” nakangiting sabi ng babaeng

amo.

Sunud-sunod ang naging tango niya. “Bagay na bagay po, Ma’am.” Pinilit niyang maging masigla ang tinig para ikubli ang munting kirot na kanyang naramdaman.

“Everybody thinks so. O siya, sige, balik ka na sa kusina. Huwag mo nang pagsilbihan ang dalawa kasi si Cherry na ang binilinan kong gumawa n’un,” masayang anang babae.

Agad siyang tumalima.

Buong maghapon silang hindi nagkausap ni Dustin dahil sa bahay ito ng kapitan nagtanghalian, sinamahan nito si Amanda pauwi. Kasama nitong umalis ang ina. Dati palang kaeskwela ng kapitan si Rida. Gabi na ay di pa rin umuuwi ang lalaki hanggang matapos na silang mag-ina sa mga ginagawa at umuwi na.

Nakapangalumbaba siyang nagbasa sa kanyang kuwarto kahit lumilipad ang kanyang utak. Binuhay ni Aling Myrna ang ilaw.

“Yna, nagbabasa ka sa dilim? Buti nakikita mo ang mga letra,” puna ng ina.

Saka pa lang napansin ng dalaga na patay pala

Yakap Ng Kahapon - Marianna Ruiz

ang kanyang ilaw sa kuwarto kanina pa. Humiga na lamang siya at tumitig sa kisame. Ngayon, lalo siyang naging desidido na pakaiwasan na si Dustin. Ayaw niyang masira ang kanyang konsentrasyon sa pag-aaral dahil sa lalaki. Kung kahapon, ang balak niya ay dumistansya lang, ngayon, ni magpakita sa binata, ayaw na niya.

Tinakpan ni Yna ng unan ang mukha para burahin ang imaheng paulit-ulit na nagre-replay sa isip niya mula kaninang umaga. Sina Dustin at Amanda iyon habang masayang nag-uusap.

3

Nagdahilan siya sa ina na gusto niyang ibuhos ang atensyon sa pag-aaral kaya hindi na muna siya tutulong sa pagsisilbi sa bahay ng mga Villarosa. Ipinasabi niya iyon kay Sir Damian na agad namang pumayag dahil mas mahalaga raw ang pag-aaral.

Pero para makatanaw ng utang na loob sa pagpapaaral ng matandang Villarosa sa kanya, nakisuyo na lamang si Yna sa kaibigang si Cherry na ihatid sa kanila ang mga palantsahin niya. Gusto niyang kahit paano ay makatulong pa rin siya.

Inaraw-araw niya ang pagsama sa mga group studies ng mga kaklase para pag-uwi niya sa bahay, kakain na lang siya at matutulog. Sa ganoong paraan, di niya masyadong maiisip si Dustin at maiiwasan pa na magkrus ang mga landas nila.

Kuwento ni Cherry, madalas daw na dumadayo si Amanda sa malaking bahay.

Sabi naman ng nanay niya, kinukumusta raw siya ni Dustin. Nagtataka umano ang binata kung bakit hindi na siya nagagawi sa bahay ng mga ito. Hindi na lang nagkomento si Yna sa ibinalita ng ina.

Nagulat si Yna nang isang araw ay mamataan niya si Rodjan sa gate ng school nila. Halata ang kasiyahan ng lalaki nang makita siya. Schoolmate pala niya ang kapatid nito. Mula noon ay hindi na pumalya si Rodjan na sadyain siya at kausapin kapag bakante siya.

Iniwasan niya ito noong umpisa, pero nang lumaon, napanatag ang loob niya sa lalaki dahil hindi naman siya nito binabastos.

Matagal na rin mula nang huli niyang makita si Dustin. Pakiramdam nga niya, buwan na ang lumipas. Kaya para maibsan ang lungkot, sa unang pagkakataon, pumayag siyang magpahatid kay Rodjan, may sasaglitang din daw na kamag-anak ang lalaki sa San Quintin.

Magtatakip-silim na noon nang ibaba siya ni Rodjan sa tapat ng kanilang tarangkahan. Kumaway pa siya sa lalaki at nagpasalamat bago ito nagmaneho palayo. Natigilan siya nang makita ang isang pamilyar na pigura na nakaupo sa kubo nila sa bakuran. Hindi niya alam kung saan susuling. Pero nakita na siya nito. Sa katunayan, tumayo pa si Dustin para salubungin siya.

“Hi. What happened to you? Matagal na kitang di nakikita, ah. Kaya nga pinuntahan na kita rito,” anang binata.

Napilitan siyang kausapin ito bagaman hindi niya tinitingan ang lalaki nang sumagot.

“B-busy po masyado, Sir.”

Tinitigan siya nito. “Is there something wrong? You sound... different.”

“Wala po, pagod lang po. Sige po, Sir, papasok na ako sa loob. Magsasaing pa po ako,” pagdadahilan niya.

Ngunit sumunod ito sa kanya.

“Papanoorin kita, do you mind? Na-miss kita, eh,” kaswal na sabi nito.

Ibinaba niya ang sukbit na bag at pilit inignora ang bumalong na emosyon sa kanyang dibdib bunga ng sinabi ni Dustin.

“I mind. Mag-aaral po ako habang nagsasaing. So pasensya na po,” pinal na sagot niya.

Hindi agad nakakibo ang lalaki. Pagkatapos ay bumuntong-hininga ito. “I understand. Bukas ba, p’wede kitang puntahan?”

“H-hindi rin po. Maaga po akong papasok.”
Iniwas ni Yna ang tingin nang sabihin iyon.

Tumango si Dustin at parang malalim ang iniisip na umalis.

Ang totoo, wala siyang pasok kinabukasan. Pero sa takot na muling bumalik si Dustin sa kanilang bahay, inilagay niya ang mga aralin sa bag at umalis. May lugar sa niyugan na madalas niyang tambayan sa tuwing kailangan niya ng katahimikan. Doon siya nagbabasa o nagpipinta, dahil walang madalas na naliligaw roon.

Inilapag ni Yna ang dalang backpack at inilabas ang sketch pad. Nagsisimula pa lamang siyang gumuhit nang may kumaluskos sa likuran niya. Hindi niya inaasahang malingunan ang tiim-bagang na si Dustin.

“Are you trying to avoid me?” akusa ng lalaki.

Ibinukas niya ang bag at mabilis na ibinalik ang sketch pad. Akmang lalayo na siya nang pigilan siya nito sa kamay.

“Yna, please don’t do this. You’re driving me crazy. May ginawa ba akong mali?”

“Wala po.” Pinakalma niya ang tinig.

“Then, why? I deserve an explanation. Ilang araw ka nang hindi nagpapakita. Everyday, I try to ask Aling Myrna kung nasaan ka. I always get the same answer. Kagabi, you told me may pasok ka. Naramdaman ko lang na hindi ka nagsasabi ng totoo kaya kita sadyang inabangan at sinundan kanina. Ano ba’ng problema?” Pilit nitong hinuhuli ang kanyang mga mata.

“Wala po talaga,” aniyang nakayuko.

“If that is true, patunayan mo. Look at me straight in the eye and tell me that we’re okay,” hamon nito.

Tumingala siya, pero hindi niya magawang tingnan sa mga mata ang lalaki.

Humugot ito ng hangin at tila hirap nang magsalita muli. “I see. It’s that guy, right? ’Yung naghatid sa ’yo kahapon,” hula nito.

Umiling siya. “Mali po kayo. I just need a break. Kailangan ko munang mag-focus.”

“At distraction ako, gan’un ba? You should have just told me rather than hide like this,” napapakumpas na sabi nito.

“Sir, wala po akong sinasabing ganyan,” depensa niya.

“Pero lahat ng actions mo, ’yun ang pinapalabas. Iniiwasan mo ako, may ‘po’, ‘opo’ at ‘sir’ ka na naman sa akin pag nakikipag-usap. Alam mo, ang kulang na lang, mag-appear ang wall sa pagitan natin. Honestly, nakakasama ng loob,” mahabang saad nito. Nakapamulsa itong tumalikod pagkatapos.

Hinabol niya ito. “Sir, sorry po. Huwag naman kayong magalit, o. Sige na po, ako na ang mali,” aniya. Pero hindi siya pinakinggan ni Dustin at ramdam niya sa bawat hakbang nito papalayo ang pagkapikon.

“Dustin!” tawag niya.

Bigla itong huminto pero hindi pa rin humarap sa kanya. Tumakbo siya palapit dito.

“Sorry na...” halos pabulong na sambit niya, habol ang hininga.

Sinupil ni Dustin ang isang ngiti. Hinarap niya ang babae, and seeing how affected she seemed, nabura lahat ng hinampo niya rito. He couldn’t help but smile, for deep inside, his heart was really overjoyed right now.

“Accepted. Tara na, may pupuntahan tayo,” maluwang ang ngiting sagot ng binata.

Walang nagawa si Yna kundi ang sumunod. Inihatid lang nila ang bag sa bahay bago sila sumakay ng motor. Tumungo sila sa Purok Malikhain, kina Amanda kung saan may nagaganap palang salu-salo.

Tuwang-tuwa ang babae nang makita ang paparating na motor, pero napalitan ng simangot ang ngiti nito nang mapansing angkas siya ni Dustin.

“Hi...” bati ni Dustin kay Amanda na ginantihan ng huli ng malambing na, “Hello.”

“This is my friend, Yna. Yna, this is Amanda.”

Tumango at ngumiti siya sa babae pero ni hindi siya nito tinapunan ng tingin, bagkus ay hinawakan agad nito si Dustin sa braso at inaya sa isang mesang kinalalagyan ng samu’t saring lutuin. Kinambatan siya ng binata na sumunod nang malingunan siyang nakatayo pa rin sa pintuan ng bulwagan.

Matapos makipagkumustahan kay Kapitan at sa ibang mga kagawad doon, umupo na sila sa isang pang-apatang mesa. Magkatabi sina Dustin at Amanda samantalang nasa kabilang dulo siya. Panay ang asikaso ng anak ng kapitan sa binata sa pagkuha ng pagkain at sa inis niya, isang ulam lang ang kinuha niya. Kulang na nga lang ay subuan pa ni Amanda ang lalaki. Buti at tinawag ito ng isang may-edad na

babae kaya naiwan sila sa mesa at kahit papaano ay natahimik.

“Parang wala kang ganang kumain at sobrang tahimik mo diyan. Are you okay?” puna ni Dustin.

Tumango lang siya at pilit na ngumiti. Nilagyan nito ng fish fillet at sweet and sour pork ang plato niya, pagkatapos ay sinalinan ng juice ang kanyang baso. Tumatanggi siya habang ginagawa nito iyon, pero mapilit ito.

“Masarap ’yan, kumain ka nang madami,” anito.

Mayamaya pa ay bumalik na si Amanda. “Pasensya na at nawala ako. Dumating kasi si Mayor at ang pamilya niya,” anunsyo ng babae.

Napahinto siya sa pagsubo.

Kasama kaya si Rodjan?

At parang sinagot ang kanyang tanong, sumulpot ang lalaki sa bulwagan. Sa pinakagitnang mesa pumuwesto sina Mayor, ang misis nito at tatlong anak. May nagsilbi rin ng plato sa mga bagong dating at nang kukuha na ang mga ito ng pagkain sa buffet table, saktong napatingin sa mesa nila si Rodjan.

“Yna!” bati ng lalaki. Nagtinginan tuloy sa kanya ang ibang bisita, kasama na sina Amanda at Dustin.

Nahihiyang tinanguan niya ang panganay na anak ng mayor. Dala ang plato, lumapit ito sa mesa nila pagkatapos.

“Hi, everyone. Amanda, p’wede ba ako dito?” masigla ang tinig na tanong ng binata na bata lang ng isang taon kay Dustin.

“Oo naman, Rodjan. Ikaw pa. By the way, ito si Dustin Villarosa, apo ni Sir Damian from England, pero magaling siyang mag-Tagalog. Dustin, this is Rodjan Perez. He’s the Mayor’s son,” alertong sagot at pakilala ni Amanda.

Nakipagkamay ito kay Dustin bago umupo sa tabi ni Yna.

“Nandito ka rin pala. Kung alam ko lang, maaga sana akong pumunta,” pabirong sabi ng lalaki.

Tawa ang sagot niya samantalang muntik nang mabulunan si Dustin sa isinubong karne. “Sabit lang ako dito. Ang amo ko ang imbitado,” sagot niya.

Nginitian ni Rodjan si Dustin. “Thank you sa pagdala kay Yna. Nabuo tuloy ang araw ko,” walang gatol na pahayag nito na ikinapula ng mga pisngi ng dalaga.

“You’re welcome,” matipid na sagot ni Dustin.

Kunwa ay nakapokus ang pansin niya sa plato bagaman nabubuwisit na di niya mawari kay Rodjan for his shameless and open remarks about his interest in Yna.

Kabaliktaran iyon ng nararamdaman ng dalaga. Lihim na nagpapasalamat si Yna na dumating si Rodjan. Kahit papaano ay may kausap na siya at di gaanong out of place. Kasi kanina, parang sinasadya ni Amanda na takpan siya kaya ni hindi sila magkakitaan ni Dustin sa mesa. Panay rin ang tanong at kuwento ng babae na para bang ayaw nitong mawala rito ang atensyon ni Dustin.

Aligaga si Rodjan sa pag-aasikaso kay Yna, kahit hindi naman niya hinihingi. Dahil naubos ang tissue sa mesa at wala siyang pampunas sa kamay, mabilis na inialok ni Rodjan ang sariling panyo. Nagulat siya nang bigla siyang abutin ni Dustin at pinunasan nito ang kamay niya ng nahugot na panyo sa bulsa.

Kitang-kita niya ang pagsingkit ng mga mata ni Amanda bunsod ng ginawang iyon ng binatang Villarosa. Buti at nabasag ang tila masamang hangin na lumambong sa kanila nang magpasalamat si Rodjan kay Amanda sa masarap na ulam at magbiro ito kung puwedeng magbalot. Saglit pa silang nagkuwentuhan ni Rodjan habang hindi naman halos nagsasalita si

Dustin bago nagyayang umuwi na.

“Mamaya na. Maaga pa naman,” pigil ni Rodjan.

“Pasensya na, pero madami pa ’tong gagawin. Hiniram ko lang siya saglit sa mga assignments niya.”

Siya lang ang natawa sa sinabi ni Dustin. Halatang hindi natuwa si Rodjan, at lalo na si Amanda. Halos hindi pa sila nakalalabas sa bulwagan nang tanungin siya ni Dustin tungkol kay Rodjan.

“Kelan pa kayo naging magkaibigan n’un?” Hindi ito nakatingin sa kanya.

“Last week lang. Siya ’yung nagsayaw sa akin sa—”

“I perfectly remember him. So nanliligaw na talaga?” agaw nito sa sasabihin niya.

Nagkibit-balikat si Yna. “No.”

“You like him?” salang ngiting tanong ni Dustin bago sinusian ang motor.

“No!” mariin niyang sagot.

Mataman muna siya nitong pinagmasdan bago pinaandar ang motor.

Sumakay siya sa likod. “What about you and

Amanda? You two are pretty close,” pagsasatinig niya ng kanyang obserbasyon.

“Mas close ako sa ’yo,” simpleng sagot nito bago pinaarangkada ang motor.

Pakiramdam niya, tumahip nang doble ang dibdib niya sa sinabing iyon ng binata. Bahagya niyang inilayo ang katawan sa likod ng lalaki sa takot na maramdaman nito ang pag-somersault ng kanyang puso.

“Pero alam mo, bagay kayo ni Amanda. Maganda siya.” Totoo sa kanya ang sinabi niyang iyon.

“Hindi gaano. Mas maganda ka,” nakangiting sagot nito na bahagya pa siyang nilingon bago muling ibinalik ang paningin sa daan.

“Joke,” sagot niya, nag-iinit ang mga pisngi.

“Hindi ako nagbibiro. ’Ganda,” pilit pa nito.

Napahagikgik na siya. “Oo na, Guwapo,” papuri rin niya.

Hanggang makauwi sila ay panay pa rin ang palitan nila ng ‘ganda’ at ‘guwapo’ sa isa’t isa. Natigil lang sila nang sumilip ang kanyang ina mula sa bintana.

“O siya, sige na, Guwapo, salamat. Ingat.”

“Salamat din, Ganda. Good night,” nakatawang sagot ni Dustin.

Malapad pa rin ang ngiti ni Yna nang magmano sa ina. Bagay na hindi nakaligtas sa paningin ng huli. Pinagsabihan nito ang anak na hindi magandang tingnan para sa isang babae ang sobrang pagiging malapit sa lalaki. Lalo na at sa isang partikular na lalaki lang. Mas maigi diumano na kahit mabuti silang magkaibigan ni Dustin, ay dumistansya siya kahit paano lalo na at apo ito ng kanilang amo.

Tumatak sa kanya ang payo ng ina. Iyon naman talaga ang orihinal na plano niya. Dangan nga lang at di niya napanindigan dahil hindi niya matiis na may tampo sa kanya si Dustin. Kung tutuusin, hindi naman siya ang unang lumapit sa lalaki.